# Pahapyaw na Sulyap sa Makulay na Kultura ng Tausug

ARACELI SALIM-CABANLONG, Ph. D.

Abstrak

*Tinatalakay rito ang ilang bahagi ng kasaysayan ng mga Tausug at ang kanilang pamumuhay lalo na ang sosyal na aspeto nito. Paksa rin ang mga hakbang na dapat pagdaanan ng isang Tausug sa pag-aasawa at maging sa kanyang kamatayan. Ipinakikilala ng artikulo ang kakanyahan at uri ng pagkatao ng Tausug na tunay ngang makulay ang kultura.*

Ang mga Tausug ay isang grupo ng mga Pilipinong katutubo ng arkipelago ng Sulu. Nanggaling ang katawagang Tausug sa salitang *tao* na nangangahulugang **man** at *sug* na ang ibig sabihin ay **current**. Sa pagsasama ng mga salitang **tao** at **sug,** nagkaroon ng pagbabagong morpoponemiko kaya ang **o** ay naging **u.**

Tinawag silang Tausug sapagkat ayon sa kasaysayan, sila yaong pangkat ng mga manlalakbay na nagmula sa Hainan, South China, Malaysia, at Arabia (Zaide, 1984; Warren, 1985; Sandigan, 1982:31). Dahil sa lakas ng current (sug), nahigop at napadpad sila sa mga islang ito. Dala ng kondisyong ito ng lakas ng agos ng tubig, tinawag nilang **lupa sug** ang lugar na ito, lugar kung saan malakas ang higop ng current. Ang Lupa Sug ay tinatawag na arkipelago ng Sulu ngayon, ngunit partikular na tinutukoy nito ang Jolo.

### Kaligirang Pangkasaysayan at Pananampalatayang Islam

Sa simula ng panahon, ang pangkat ng mga Tausug ay hindi pa nakayakap sa pananampalatayang Islam (Zaide, 1984). May kanya-kanya silang relihiyon noon gaya ng Hinduism at Buddhism, at ang iba ay mga pagano. Kahit wala pang

---

✍ Taga-Jolo, Sulu, si DR. ARACELI SALIM-CABANLONG ay kasalukuyang naninirahan sa Zamboanga City. Natapos niya ang kanyang andergradweyt na kursong BS Community Development sa MSU-SDTC, Jolo, Sulu. Sa Ateneo de Zamboanga, Zamboanga City niya natapos ang MAEd Filipino gayundin ang Ph.D. sa Language Studies (Filipino) bilang CHED-MAEP SCHOLAR. Kasalukuyan siyang nagtuturo sa MSU-Jolo, Sulu.

pamahalaan noon, ang lugar na ito ay daungan na ng mga tao at dito sila'y nagpapalitan ng kanilang mga paninda. Nagkaroon ng sistema ng pamahalaan at edukasyon nang dumating ang mga Malay at mga datu na ang namahala sa bawat komunidad.

Nakilala ng mga Tausug ang Islam nang dumating si Karim-ul Makdum (Zaide, 1984; Abelardo Jr., 1984: 16; Agoncillo, 1990:23). Taga-Malacca siya at kauna-unahang nagpatayo ng simbahang Muslim sa Tubig Indangan, Simunul noong 1380. Nang mamatay si Karim-ul Makdum, sumunod na dumating si Raja Baginda sa Buansa, Indanan, noong 1390 kasama ng kanyang mga ministro at mga adbayser. Si Raja Baginda ay mula sa Menangkabaw, Sumatra. Ipinagpatuloy niya ang pagpapakilala ng Islam. Taong 1450 nang dumating si Syed Abubakar, isang Arabong iskolar na taga-Malacca. Napangasawa niya ang anak ni Raja Baginda na si Prinsesa Paramisuli. Nang mamatay si Raja Baginda, si Syed Abubakar ang humalili sa gawain ni Raja Baginda hanggang sa itinatag niya ang kauna-unahang kaharian ng Sultan sa Sulu noong 1460. Siya ang kauna-unahang sultang namuno sa Jolo.

Mula noon, Islam na ang relihiyon ng mga Tausug at sila ay tinawag na Muslim. Hindi matatawag na Muslim ang isang Tausug kapag hindi siya sumusunod sa kautusan ng pananampalatayang Islam. Tausug lamang siyang matatawag subalit hindi sa pananampalataya. Ang ganitong mga Tausug ay nauuri sa tatlo: ***Tausug Fasik (the transgressors)***, mga Tausug na lumalabag sa kautusan ni Allah gaya ng mga kidnaper, mamamatay tao, magnanakaw at iba pang gumagawa ng mabibigat na kasalanan; ***Tausug Kafir (the unbelievers)***, mga ipinanganak na Tausug subalit hindi sa pananampalataya at ***Tausug Munafiq (the hypocrites)***, mga taong nagsasabing Muslim subalit hindi sa gawa. Ayon kay Bruno (1973), upang maunawaan mo ang isang Muslim unawain mo muna ang kanyang relihiyon.

Ang Islam ay halaw sa salitang ***Salam*** na ang ibig sabihin ay ***kapayapaan*** at makakamit lamang ito kapag ang isang Tausug ay sumusunod at tumutupad sa kautusang ipinapahayag sa ***Koran***, ang kanilang banal na aklat. Masusukat ang tunay na pananampalataya ng isang tunay na Muslim sa pamamagitan ng pagtupad sa limang haligi ng pananampalatayang Islam.

Ang unang haligi ng Islam ay ang paniniwalang iisa lamang ang Diyos at walang nang iba, hindi ipinanganak, hindi nagpasatao, hindi namamatay, at si Nabi Mohammad ang kahuli-hulihang propetang sugo ni Allah. Ang kahulugang ito ay laging bukambibig ng Muslim sa sinasabi niyang ***"La illaha-il-Allah Mohammadur Rasullulla"***. Hindi rin matatawag na Muslim ang isang Tausug kapag hindi siya naniniwalang si Jesus ay isang propeta gaya ni Nabi Mohammad.

Ang ikalawang haligi ng pananampalataya ay ang pagsamba sa Panginoong Allah nang limang beses isang araw. Lagi nilang bukambibig sa pagdarasal ang salitang ***"Allahu Akbar"*** na nangangahulugang **God is the greatest above all and nobody is above Him.** Kapag naririnig ng sinumang Muslim ang panawagang ito, kahit gaano man karami ang kanyang trabaho ay hihinto siya at mag-aalay ng pagsamba kay Allah. Ang panawagang ito ay ginagawa ng isang ***bilal o Muadjin***

at karaniwang naririnig limang beses isang araw. Ginagawa ito tuwing madaling-araw o bago sumikat ang araw (4:30-***Subu***), tanghali o kalagitnaan ng araw (12:00-***Juhur***), hapon (3:00-***Asar***), bago magtakipsilim (6:00-***Magrib***) at gabi (7:00-***Aisa***).

Bago sila nagdarasal ay kinakailangang ***mag-ayiir*** (maghugas*)* muna sila (Sura, iv: 43; Exodus 40:31). Nasa unahan ang kalalakihan at nasa hulihan ang kababaihan sa pagdarasal ngunit hindi maaaring magdasal ang babae kapag dinudugo siya. Bawal ***(haram)*** sa kanila ang kumain ang baboy (Sura, iv:145-146; 2 Macabeo, 6:18; 7:1), uminom ng alak, magsugal ng baraha (Sura, v:90 Sura, ii:291) o iba pang katulad na laro o magsuot ng malalaswang kasuotan (Sura, 7:26). Lagi silang naririnig na bumabati ng ***"Assalammu alaykum"*** **(peace be with you)** at sinasagot naman ng ***Walaykum wassalam*** **(and also be with you).**

Ang ikatlong haligi ng pananampalataya ay ang pagkakawanggawa na tinatawag ng Tausug na ***Zakat*** (Sura, 2:43, 177, 264-267-272). Anumang biyaya na mayroon sila ay nagmumula kay Allah na dapat at kinakailangang ibahagi nila sa mga mahihirap, biyuda, ulila, maysakit at sa iba pang nangangailangan. Kautusan ito ni Allah na dapat sundin ng mga Muslim (Sura, 9:41-69). Ang *zakat* ay kusang ibinibigay nang walang hinihinging porsyento at di pinapatawan ng kaparusahan kaya ang sapilitang pagbabayad ng buwis sa pamahalaan ay di nila matanggap. Ang mahihirap ay hindi inoobligang magbigay ng *zakat* at sa halip siya ang dapat bigyan nito.

Ang pag-aayuno o ***puasa*** (Sura, ii: 185; Exodus, 34:28, Mateo, 4:2) sa buwan ng Ramadan ay ang ikaapat na haligi ng Islam. Sa buwang ito makikita ang pagsasakripisyo ng bawat Muslim sa pagtupad sa kautusan ni Allah. Iniaalay nila ang kanilang buhay sa Panginoon sa pamamagitan ng hindi pagkain, pag-inom o kahit paninigarilyo na nagsisimula sa madaling-araw hanggang sa paglubog ng araw. Makakakain lamang sila kapag malapit nang magtakipsilim hanggang sa magbukang liwayway. Ang pag-aayuno ay hindi lamang paghinto sa pagkain; ito ay paghinto rin sa paggawa ng mga ipinagbabawal ng Diyos. Ang sinumang sumuway sa alituntunin ng Islam ay tunay na pinakahamak na tao sapagkat nakikilala lamang niya si Allah sa buwan ng Ramadan. Sa panahong ito, bawal sa kanila ang magsalita o mag-isip ng masama. Bawal din sa mag-asawa ang magtalik habang sila'y nag-aayuno. Wala silang dapat gawin kundi ang paggawa ng maraming pagsamba ***(tarawi)***, kabutihan, pagbasa ng Koran, pakikinig at pagsunod sa mga salita ng Diyos at higit sa lahat, ang paghingi ng kapatawaran sa mga kasalanang nagawa (Sura 2:186).

Ang ikalimang haligi ng Islam ay ang pagsasagawa ng **Hajj** (Sura, ii:196-203) o pagpunta sa ***Makkah al-Mukarammah***, ang sagradong lugar ng Islam. Ang may kakayahan lamang na pumunta rito ang obligadong mag-hajj kahit minsan lamang sa tanang buhay niya. Simbolo ito ng pagkakaisa at pagsasama-sama ng lahat ng mga Muslim sa buong bansa at sa buong daigdig (Arceo, 1989:17).

Nasusukat din ang ***I-man*** **(Faith)** ng isang Tausug sa pamamagitan ng paniniwala sa anim na haligi ng pananampalatayang Islam. Ito ang paniniwalang

iisa lamang ang Diyos; paniniwala sa lahat ng mga anghel ng Allah; paniniwala sa apat na banal na aklat ng Allah (Taurat o Torah ni Moses, Sabul ni David, Injil ni Jesus o Isa at Koran ni Nabi Mohammad); paniniwala sa lahat ng mga propeta at sugo ni Allah; paniniwala sa araw ng paghuhukom at paniniwala sa *Qadar* (kapalaran).

Bago dumating ang mga mananakop (Kastila at Amerikano), ang Lupa Sug ay may sarili nang pamahalaan na pinamumunuan ng mga Datu. Sa pagkakaisa ng lahat, naitatag sa Sug o Sulu ang kauna-unahang kaharian ng mga Sultan noong taong 1460. Sa mahigit 500 taon, ang Lupa Sug ay nasa pamamahala ng nag-iisang gobyernong Sultanate na siyang kinikilala ng mga Tausug (Rasul, 1979:11; Warren, 1985:xxiv). Si Sultan Syed Abubakar Sharif ul-Hashim ang unang Sultan na namuno sa Jolo (CCP II, 1994:371; Zaide, 1984:94, Bruno, 1973:140). Ang pamamahala ng Sultan ay nakabatay sa ***Sara Kuran o Kuraan*** **(Quranic Law)** at ***Sara Adat*** **(Custom Law)**. Ang Koran, bibliya ng mga Muslim, ang batayang batas sa pamamahala sa lipunan at pagbibigay hatol sa mga nagkakasala. Ang Sara Adat ang mga hindi nakasulat na batas na pinapairal sa kanilang lipunan batay sa kanilang kultura at tradisyon. Ang sultan ang may pinakamataas na tungkuling sibil at puno ng pananampalataya sa buong kapuluan ng Sulu, Basilan, Tawi-Tawi at iba pang kalapit-pulo (Bruno, 1973:142).

May dalawang uri ng adbayser na katuwang ng sultan sa pamamahala ng bayan, ang pangkat ng mga ***Ruma Bichara*** **(Advisory State Council)** at ang ***Kadi*** **(Ispiritwal Adbayser).**

Ang **Ruma Bichara** ay binubuo ng magagaling na mga datu. May kanya-kanyang tungkulin ang bawat datu sa pamamahala ng bayan. Sila ang mga katulong ng sultan sa pagsusuri at pagbibigay--opinyon at desisyon sa mga batas na pinaiiral sa lipunan ngunit bawat hakbang na gagawin ng datu ay dapat na ikonsulta muna sa sultan. Ang ***Kadi*** ang pangunahing adbayser ng sultan sa pananampalataya dahil magaling siya sa nilalaman ng Koran. May mga opisyales din ang kadi na katuwang niya at ang tawag sa kanila ay ***Ulama o Pandita***. Ang ibang katuwang ng kadi sa pamamalakad ng kanilang simbahan ay ang ***Imam***, ***Khatib*** at ***Muadjin*** (*Bilal*). Ang ***Imam*** (pari) ang namumuno sa pagdarasal, at ang ***Khatib*** (pangalawa sa pari) ang nagbibigay ng sermon tuwing may dasal. Ang ***Muadjin*** (pangalawa sa Khatib) naman ang siyang tumatawag ng ***"Allahu Akbar"*** sa mga tao kapag oras na ng pagdarasal.

Ang Jolo noon ay nahahati sa limang distrito at bawat distrito ay pinamumunuan ng ***Panglima***. Ang bawat distrito naman ay nahahati sa maliit na dibisyon na pinamumunuan naman ng ***Maharaja, Urangkaya o Parukka*** na katumbas ngayon ng ating mga barangay kapitan. Bawat Panglima ay may mga ***Ulama o Pandita*** **(religious learned man)** na laging nagpapaalaala tungkol sa kanilang pananampalataya o gawaing maka-Diyos na may kaugnayan sa kanilang pamumuno at pananagutan sa kabilang buhay.

Ang Jolo ang sentro ng kalakalan noong taong 900 hanggang 1200 ng mga taga-Champa, Intsik, Arabo, Indones, Malayo at iba pang mga kalapit lugar sa Asya (Zaide, 1984:24; Bruno, 1973:24-35; Warren, 1985:3-6). Mga manlalakbay ang mga Tausug kaya tinagurian silang **people of the sea o current.** Bantog sila sa paninisid ng mga perlas kaya ito ang madalas nilang ginagamit sa pakikipagpalitan ng mga produkto sa mga taga ibang bansa. Karaniwang kabuhayan ng mga Tausug ang pangingisda, pagtatanim at pangangalakal.

Ang mga Tausug na mahilig mangisda ay tinatawag na ***parianon o tau higad*** at karaniwang nakatira sila malapit sa baybaying dagat. Ang mga mahihilig namang magtanim ay tinatawag na ***guimbahanun o tau gimba*** at nakatira sa loob ng gubat. Ang mga Tausug namang mahilig sa pangangalakal o manlalayag ay karaniwang tinatawag ngayong mga ***ismagler.*** Itinuturing itong ilegal na gawain ngayon ng pamahalaan ng Pilipinas dahil hindi sila nagbabayad ng buwis para sa gobyerno subalit para sa mga Tausug, hangga't ang hanapbuhay nila ay ***halal*** (hindi labag sa batas ng Diyos) hindi ito ilegal. Sa bawat kita nila'y nagbibigay sila ng ***zakat*** at ***sarakka*** sa mahihirap, ulila, maysakit at matatanda. Maaari nila itong ibigay sa kanilang sultan, imam o diretso sa mga nangangailangan. Ang kanilang pulis ay ang Allah kaya obligado silang mag-***zakat*** hindi lamang isang beses sa isang taon kundi higit pa roon kung sobra-sobra ang biyayang nakakamtan nila mula sa Diyos.

Maliban sa pangangalakal, pinagkakakitaan din ng mga Tausug ang paghahabi ng ***pis*** **(locally woven square cloth with characteristic pattern)**, banig, basket, ***tutup*** **(food cover made of nipa leaves and colorfully decorated)** ***pag-ukkil*** **(carving design)** at pagpapanday-pilak (CCP II, 1994:381. Zaide, 1984: Bruno, 1973).

May sariling sistema ng edukasyon ang mga Tausug bago dumating ang mga Kastila. Tinatawag itong ***pagpangadji*** o pagbabasa ng Koran. Ang kanilang panulat ay Malayo-Arabic na tinatawag na ***jawi*** o ***sulat sug***. Nag-aaral sila ng Arabic upang matutong magbasa at sumulat na ang batayan ay ang Koran. Sa edad na anim hanggang walong taon, pinamememorya na sa mga bata ang mga bersikulo sa Koran. Unti-unti itong ipaliliwanag sa kanila kapag namemorya na nila ang mga bersikulo. Dalawa o tatlong taon ang karaniwang haba ng kanilang pag-aaral. Kung mabigkas na nila ang nilalaman ng Koran at maipaliwanag ito, makakagradweyt na sila sa tinatawag na ***pagtammat*** (Bruno, 1973:105).

Itinuturo sa kababaihan ang pag-***anyam baluy*** **(mat weaving)**, ***paglukis*** at ***pagbulda*** **(intricate designs for embroidery)**, pagtahi, **(sewing)**, at pagluto **(cooking)**. Sa mga lalaki naman ay itinuturo ang pagtatanim at pangingisda. Tinuturuan din sila kung paano mag-alaga ng hayop, paggawa ng bahay, pangangaso at paglalako.

Sa pagdating ng mga mananakop, nagbago ang pananaw ng kabataan. Mas pinahahalagahan nila ngayon ang kaalamang Ingles at pagkuha ng mga karera upang

magkaroon ng magandang trabaho na may mataas na sahod at makapangibang-bansa.

## Ang Pamumuhay Sosyal ng mga Tausug

Binansagang mamamatay-tao, traidor at kasuklam-suklam ang mga Tausug ng mga taong hindi gaanong kilala ang etnikong grupong ito. Subalit kung makakasalamuha lamang sila, makikitang ang mga Tausug ay mga taong hospitabol, maka-Diyos at matulungin. Kapag inumpisahan sila sa gulo, sila rin ay mabangis na kalaban (Rocha, 1985:1; Sandigan, 1982:33). Sinasabing mabait na kaibigan ang Tausug, ngunit kapag siya'y iyong hiniya, binatikos, hinamak o hinamon, siya'y mabangis na kalabang hindi uurong kailanman. Inilalarawan din siya ni Bruno nang ganito (1973:6):

> ***The Tausugs are not a group that flows with the current nor they allow themselves to be engulfed by it; they have the inner reserve and determination to resist the impact of the current or even to move against it as they had successfully done several times in the past.***

Mapagpahalaga sa kanilang tradisyon, kultura, relihiyon at pamilya ang mga Tausug. Sa kanila, ang pag-uugali ng isang tao ang higit nilang binibigyan ng halaga. Sa pamamagitan ng ***palangay*** **(behavior)** ang respeto at pagpapahalaga sa pagkatao ay matatamo. Ang ***palangay*** ng isang Tausug ay nakatutok sa katanggap-tanggap na ***addat tabiat*** **(good manners or good conduct)** sa matatanda at sa kanyang komunidad. Kapag ang kanyang ugali ay taliwas sa tuntunin ng kanilang komunidad siya'y babatikusin, pangangaralan o parurusahan ng kanyang mga kasamahan.

Mahigpit na tumatanaw ng utang na loob o ***biddi*** ang Tausug na kahit buhay niya ay itataya niya alang-alang sa kaibigan. May pagkakaisa at pagtutulungan o ***pagbaugbug*** sila. Kapag may isa sa kanilang pamilya na nangangailangan ng tulong, maging pera man o lakas, handa silang magdamayan at magtulungan. Kapag pinatay ang isa sa kanilang pamilya, nagtutulungan sila kaya naisasagawa ang ***pagdangaw*** (paghihiganti). Higit na pinapahalagahan ng Tausug ang ***kasipugan*** (kahihiyan) o ***martabbat*** **(self-respect)** dahil kung ito'y mawawala, mamatamisin pa nila ang mamatay kaysa mabuhay nang walang dangal (Bruno, 1973:166-172).

Maraming obligasyong sosyal na ginagawa ang mga Tausug. Kapag may okasyon, todo ang kanilang handa sapagkat nais nilang maging kontento at busog ang mga taong dadalo. Ayaw nilang mapahiya sa mga bisita kung kaya't asikasong-asikaso nila ito. Sa pintuan ng kanilang bahay ay may nakaabang na tagatanggap ng bisita. May taga asikaso sa bawat hapag-kainan. Ang pagbati o ***pagsagina*** ay isang mahalagang bagay na ginagawa ng Tausug na tinatawag nilang ***sawa***

*aymuka.* Karaniwang bati ang ***Assalamu Allaykum*** **(Peace be with you),** ***tanjal kamu*** **(please come in)** o ***pagjiyara*** (pagyayakapan, paghahalikan ng kababaihan, o pagmamano ng kabataan).

Karaniwang okasyong ipinagdiriwang at ipinaghahanda ng mga Tausug ay ang ***paggunting*** (pagbinyag), ***pag-islam o pagsunnat, paghakika*** (kompirmasyon), ***pagtammat*** (pagtatapos sa pag-aaral), ***pagtiyaon*** (pag-aasawa), ***pagmaulod*** (pagbasa ng Koran na ibinigay kay Nabi Mohammad), ***pagharirava puasa*** (pasasalamat sa sakripisyong nalampasan sa buwan ng Ramadan), ***paghadji*** (paglalakbay sa Mecca), at ***pagkubol*** (paglilibing). Makikita sa ganitong mga okasyon na ang magkakamag-anak ay nagkakaisa at nagtutulungan upang ang handaan ay maging maayos at hindi kahiya-hiya. Kaugalian din nilang kapag sila'y dadalo sa anumang okasyon lalo na sa patay, pag-aasawa o pagtatapos, may dala silang ***tutulungan*** (tulong na pera) para makagaan sa gastos ng may handa. Ang iba naman ay tumutulong sa pamamagitan ng ***tabang-sangsa*** (pagtulong sa pamamagitan ng pagpapawis o anumang magagawa para sa okasyong iyon). Ang tulong na naibigay sa Tausug ay hindi nila nakakalimutan at sa pagdating ng tamang okasyon o panahon, ibabalik nila ang tulong bilang ***buddi*** o utang na loob nila. Nahihiya ang isang Tausug na dumalo sa isang handaan nang walang bitbit o ***tabang-sangsa.***

**Ang Pag-aasawa ng Isang Tausug**

Sa pag-aasawa, karaniwang ipinagkakasundo ng mga magulang ang kani-kanilang anak hindi pa man ito isinisilang. Sa ibang pagkakataon, ang mga magulang ng lalaki ang namimili ng mapapangasawa ng kanilang anak kahit na walang pag-ibig na namamagitan sa dalawa. Ang usapang ligawan ay nagagawa lamang kung ayos na ang kasunduan ng mga magulang ng dalawa. Kapag nakita ang babae at lalaking magkasama nang walang pormal na paghingi ng kamay ng babae, matatawag itong imoral at magdudulot ng malaking kahihiyan sa angkan ng babae.

Upang maiwasan ang ganitong imoralidad, kailangang magbigay ng ***kasaan*** **(moral damage)** ang lalaki o kaya ay mamamanhikan agad ang pamilya upang maiwasan ang kahihiyang naidulot sa pamilya ng babae (Exodus 22:16-17).

May iba't ibang hakbang na dapat isagawa bago ikasal ang babae at lalaking Tausug. Sa lahat ng dapat gawin, lubusang kasangkot ang mga pamilya ng dalawa.

Magsisimula ang lahat sa pagkonsulta ng lalaki sa pamilya niya upang ipaalam na may kursunada siya sa isang partikular na babae. Susunod ang ***tingug tainga*** o pagkuha ng impormasyon tungkol sa pagkatao ng babae na ginagawa nang hindi direkta mula sa babae mismo o pamilya niya. Ang mga karaniwang impormasyong kinukuha ay kung magkano ang dote o ***dowry*** (pera o materyal na bagay na dapat ibigay sa pamilya ng babae) na hihingin ng pamilya gayundin kung may nauna nang namanhikan sa babae at iba pang impormasyon. Susunod na pagkatapos ang

***magpanghingita*** na galing sa salitang ***kita*** na ang ibig sabihin ay ***tingnan.*** Dito'y titingnan nila ang kagandahang-loob ng babae kung karapat-dapat ba itong maging bahagi ng pamilya ng lalaki. Ang ***palangay o addat*** (ugali) ang higit nilang pinapahalagahan dito.

Pagkatapos nito ay ang ***magpasihil.*** Ang isang kaibigang malapit sa pamilya ng babae ay kukuha ng impormasyon kung magkano ang maaaring hilingin ng mga magulang ng babae sa oras na namanhikan sila. Ginagawa ito upang makaiwas sila sa kahihiyan sa kanilang pamamanhikan sakaling hindi nila kaya ang dote. Kung hindi sila matatanggap ng pamilya ng babae, dito nangyayari ang karaniwang pangingidnap ng lalaki sa babae upang makabawi sa kahihiyan. Kasabihan nila'y ***Bang di mabaya tangaun kuting marayaw pa tangaun iru*** na ibig sabihin *kung ayaw sa magandang usapan mainam pang gawin sa santong paspasan.*

Ang susunod ay ang ***pagpangasawa*** o pamamanhikan. Dito ay may dala silang ***tapil-dila*** (**token**) na gintong singsing o kwintas para sa magulang ng babae bilang tanda ng kanilang malinis at tapat na hangarin. Dito pag-uusapan ang gastusin subalit hindi pa ito ang pormal na pagtanggap sa kanila. Pagkatapos nito, mag-uusap-usap ang mga magkakamag-anak tungkol sa hinihinging dowry at kung kaya nila, sila'y babalik na dala ang napagkasunduang dowry. Kung hindi sila makababalik, ito'y nangangahulugang tapos na ang usapan at ang ***tapil-dila*** na ibinigay nila ay hindi na mababawi dahil bale ito ang magsasalba sa kahihiyan ng lalaki.

Kung ayos naman ang lahat, isasagawa na ang ***pagtuturul taymah.*** Ang ***turul o urul*** ay nangangahulugang *sunod* at ang ***taymah*** ay *tanggap*. Ito bale ang kasunduang magpapakasal na sila (**engagement**) at itinuturing na pinakamasayang aktibidad sa dalawang pamilya. May handaan at lahat ng kamag-anak, kaibigan at pinuno ng lugar ay imbitado. Ito ang pagpapaalam sa lahat na legal silang magkasintahan at kahit magkasama sila sa lakaran ay makaiiwas na sila sa ***pitna*** o maling akusasyon. Ipahahayag na rito ang petsa ng pagpapakasal nila upang malaman ng lahat nang naroroon. Susunod na rito ang ***pagtiyaon*** o pagpapakasal. Ito ang itinuturing na pinakamasayang araw sa kanila. May ritwal silang isinasagawa upang maganap ang ***kawin*** o kasal.

May dalawang paraan pa ng pag-aasawa ang isang Tausug. Tinatawag itong ***magpasumbayi*** at ***magsarahakan-tugul.*** Ginagawa ang dalawang ito kapag madalian ang pagpapakasal.

Ang ***magpasumbayi*** ay magpakatay o magpapatay. Ginagawa ito ng lalaki kapag hindi niya kayang magbigay ng malaking dowry. Pupunta ang lalaki sa bahay ng magulang ng babae na may kasamang ***Imam*** (**Muslim Priest**) at halagang kaya niyang ibigay na dowry kalakip ang barong o kris, ang tabak ng mga Tausug. Kapag tinanggap siya, agad silang ikakasal ng Imam, ngunit kung hindi ay gagamitin ang kris sa lalaki upang siya ay patayin.

Ang ***magsarahakan-tugul*** naman ay madaliang pamamanhikan ng lalaki upang sila'y maikasal agad nang hindi na siya daraan pa sa limang prosesong

nabanggit sa unahan. Ginagawa ito kung nag-iibigan ang dalawa at nagkakasundo ang mga magulang o kaya ay may nagtatangkang mamanhikan sa babae o mangingidnap kaya.

Mayroon ding diborsyo sa mga Tausug. Nangyayari ito dahil sa pangangalunya, hindi pagkakaroon ng anak, hindi pagsusustento o hindi pagkakasundo. Ang mga imam o datu ang magdedesisyon sa kanilang paghihiwalay at magbibigay ng ***pasa*** o papeles sa diborsyo.

Batas ni Allah ang pag-aasawa ng isa lamang (Al-Quoran, IV:3) ngunit ipinahihintulot ang pagkakaroon ng asawang higit sa isa kapag ang dahilan sa pag-aasawa ay ang pagtulong upang buhayin ang mga biyuda at/o ulila. Ang isa pang kondisyon ay kung maibibigay ng lalaki ang pantay na pagtingin, pag-aaruga, pagsuporta, pagmamahal at panahon sa kanyang asawa at anak. Ipinahihintulot din ito upang maiwasan ang imoralidad gaya ng pangangalunya, prostitusyon o ang pagkakaroon ng kabit o ***zinah*** (Bruno, 1973).

Sa pagkamatay ng Tausug, kinakailangang siya ay ***sutchihun,*** na ang ibig sabihin ay paliguan at linisin bago siya ilibing. Pagkatapos, ang bangkay ay kailangang ***saputun*** o balutin ng puting tela na kasyang-kasya sa kanya. Pahihigain itong ang ulo ay nasa hilaga (north) at ang paa ay nasa direksyong timog (south). ***Sambahayangun*** o ipinagdarasal ito ng mga imam na nakaharap sa kanluran. Pagkatapos, dadalhin na ng mga imam ang bangkay upang ***ikubol*** o ilibing. Ang imam ay magbabasa ng Koran na tinatawag nilang ***pagtulkin*** **(final instruction to the dead person)** at ***pagtakbir*** **(to extol the greatness of God)**.

Hindi pinatatagal ang bangkay sa bahay ng namatayan. Sa araw mismo ng kamatayan niya ay dapat nang mailibing ang bangkay. Pagkatapos ng paglilibing, magbabasa ng Koran ang namatayan sa buong magdamag. Magkakaroon ng pagtitipun-tipon upang ipagdiwang nang buong araw ang ***hinang pitu*** **(seventh day prayer).** Dadalo ang mga kaibigan at kakilala upang makiramay na may dala-dalang ***tutulungan*** (pera sa sobre) o ***tabang-sangsa.*** Maliban sa ***hinang pitu*** **(seventh day prayer)**, patuloy na ipinagdarasal ang namatay sa ***hinang kawhaan*** **($20^{th}$ day prayer)**, ***hinang ka'patan*** **($40^{th}$ day prayer)**, ***hinang hanggatus*** **($100^{th}$ day prayer)**, ***hinang hang-ibu*** **($1000^{th}$ day prayer)** at ***hinang patahunan*** **(yearly prayer)**. Binabasa sa bahay para sa patay ang ***yasin*** para sa maayos na paglalakbay ng kaluluwa. Sa buwan ng ***nispu*** at ***paghawaan kubul*** (araw ng mga patay) muling isinasagawa ang pagdarasal, ***pagtaitih*** (pagwiwisik ng tubig sa puntod) at paglilinis ng puntod. Sa okasyong ito ay may kaunting salu-salong inihahanda para sa mga kamag-anak na dadalo.

Mabuting kaibigan ang mga Tausug ngunit siya'y sensitibo at madaling magdamdam. Upang maunawaan ang kanilang kultura at tradisyon, kailangang unawain ang kanilang ***Sara Koran*** **(Islamic Law based from Koran)** at ***Sarah Adat*** **(Customary Law)**.

Szanton, David L., ed. 1972. **Sulu Studies II**. Jolo, Sulu:Notre Dame of Jolo College.

Ronquillo, A. A., et al. 1989. **General Sociology: Introduction to Anthropology**. Ed. by Socorro Espiritu. Manila: JMC Press, Inc.

Zaide, Gregorio. 1972. **Philippine History and Government**. Manila: National Book Store.

________________. 1984. **Philippine History**. Manila: National Book Store.

________________. 1992. **The Filipino Values and National Development Readings on the Moral Recovery Program**. Manila: Kabisig People's Movement.

**B. Mga Dyornal at Ibang Babasahin**

Badawi, Jainal A. 1980. *The Status of Woman in Islam, Al-tihad.* Vol. 8, No. 2, **Shaban 1391** (Sept., 1971).

________________. *Moral System of Islam*. Saudi Arabia:**Wamy Series of Islam**, No. 5.

Cabel, Oswalda. 1995. *Updated Notes on Sulu Culture*. Sulu Museum Library.

Ibrahim, Ezzeden at Johnson D. Davies. 1977. **Forty Hadith**. Damascus, Syria: The Holy Koran Printing House.

Idris, Shiekh Jaafar. Salin sa Filipino ni Abdullatif E. Arceo. **Ang mga Haligi ng Pananampalataya**.

Samson, Muhammad A. at S. I. Alojado. **Ang Tahara at ang Salah.**

Quraishi, Abdulbasit. 1984. **Importance of Prayer Salat**. Manila: Islamic Dawah Council of the Philippines.

Sakili, A. P. 1997. *Lupa Sug Cultural Heritage in Relation to Filipino Cultural Heritage: A Problem of Representation*. Seminar Workshop Paper, sponsored by NCCA, Manila.

### C. Tesis at Disertasyon

Cabanlong, Araceli S. 2002. *Ang Epikong Parrang Sabil: Isang Pagsasalin at Balyu Analisis*. Di Nalathalang Disertasyon. Unibersidad ng Ateneo de Zamboanga, Zamboanga City.

Rocha, Thelma. 1985. *Tausug Folksong A Reflection of Their Way of Life*. Di Nalathalang Disertasyon. Xavier University, Cagayan de Oro City.

Usman, Hamjan A. 1985. *The Muslim Tausug of Sulu*. Di Nalathalang Disertasyon. Misamis University, Ozamiz City.